

POSIBLE BANG MANGYARI ANG LANDSLIDE SA QUEZON CITY?

Ang pinakamataas na elevation ng Quezon City ay 250m at ang average na elevation dito ay 67m above sea level. Ang tarik ng mga dalisdis sa lungsod ay mula 8-15%. Meron ring ridge na tumatakbo sa kahabaan ng silangang bahagi ng Quezon City, na naiimpluwensyahan ng West Valley Fault. Ang mga katangiang ito ng mga sloped na lugar sa Quezon City ang mga posibleng sanhi ng landslide o pagguho ng lupa.

Aling mga lugar sa Quezon City ang higit na nanganganib sa pagguho ng lupa?

Walong barangay sa lungsod ang may mataas hanggang napakataas na susceptibility sa landslide.

Payatas	Commonwealth
Bagong Silangan	Matandang Balara
Pansol	Greater Lagro
Batasan Hills	Loyola Heights

Nasa 20-40% ng populasyon ng mga barangay na Payatas, Bagong Silangan at Pansol ay matatagpuan sa mga lugar na may high to very high susceptibility sa landslide.

Siyam na barangay sa lungsod ang may moderate hanggang moderate to high susceptibility sa landslide.

Pasong Tamo	Escopa 4
Holy Spirit	Blue Ridge A
Escopa 3	Sta. Cruz
Fairview	Blue Ridge B
Escopa 2	

Ang ibang lugar sa Quezon City ay wala o mababa ang susceptibility sa landslide, ayon sa datos mula sa Mines and Geosciences Bureau.

Ligtas ba ang mga pampublikong pasilidad sa Quezon City mula sa pagguho ng lupa?

Mga ospital at health center

- Walang ospital o health center na may high or very high susceptibility sa landslide.
- 5 health centers sa District 2 ang nasa mga lugar na may moderate susceptibility.

Mga water supply facilities

- 1 water pumping station sa District 3 ay highly susceptible, at apat na iba pa ay moderately susceptible.
- 1 facility sa District 2 at dalawa sa District 5 ay nasa mga lugar na may moderate susceptibility.

Mga barangay hall at himpilan ng PNP/BFP

- 2 barangay hall sa District 2 at 1 sa District 3 ay may moderate susceptibility.
- 1 police station sa District 2 ay nasa lugar ng high landslide susceptibility.
- Walang fire stations sa lungsod na may moderate or high landslide susceptibility.

Mga kalsada

7 barangays ang may pinakamahabang distansya ng kalsada na highly susceptible sa landslide:

- Bagong Silangan
- Pansol
- Batasan Hills
- Matandang Balara
- Greater Lagro
- Commonwealth
- Loyola Heights

120°59.580'E 121°1.440'E 121°3.300'E 121°5.160'E 121°7.020'E




Percentage Population on Moderate and Moderate to High Landslide Susceptibility

Percent Population

- 0 - 1
- 2 - 10
- 11 - 20
- 21 - 30
- 31 - 40
- 41 - 50
- 51 - 60
- 61 - 70

- River
- Creek
- Barangay Boundary
- Administrative Boundary

Note: Landslide susceptibility data by the Mines and Geosciences Bureau is being recalibrated at high and moderate susceptibility areas using SDNMAP.



Scale: 1:59,000
PRS 1992 Philippines Zone 3

Data sources: Quezon City Government, Earthquakes and Megacities Initiative (EMI), National Mapping and Resource Information Authority (NAMRIA), Philippine Statistics Authority (PSA), Mines and Geosciences Bureau (MGB) at high and moderate susceptibility, Quezon City Disaster and Risk Reduction Management Office (QC DRRMO), City Planning and Development Department (QC CPDD)
Date created: December 2022

14°47.220'N
14°45.360'N
14°43.500'N
14°41.640'N
14°39.780'N
14°37.920'N
14°36.060'N

120°59.580'E
121°1.440'E
121°3.300'E
121°5.160'E
121°7.020'E

Aling mga komunidad sa Quezon City ang pinaka-bulnerable sa pagguho ng lupa?

Ang mga hotspot barangay ay mga barangay sa Quezon City na nagtataglay ng pinakamataas na physical at social vulnerability para sa landslide, na sinusukat ng Barangay Vulnerability Index (BVI).

Walong barangays lamang ang mayroong very high o high susceptibility sa landslide. Ang walong hotspot barangays para sa landslide ay hinati sa dalawang lebel, base sa dalawang indicators: 1) susceptibility sa landslides, and 2) porsiyento ng populasyon na posibleng maapektuhan ng landslide, kumpara sa buong populasyon ng barangay.

Tier	Rank	Barangay	District
Tier 1 Very High Vulnerability	1	Payatas	2
	2	Pansol	3
	3	Bagong Silangan	2
Tier 2 High Vulnerability	4	Batasan Hills	2
	5	Matandang Balara	3
	6	Greater Lagro	5
	7	Commonwealth	2
	8	Loyola Heights	3

Paano naghahanda ang Quezon City para sa landslide?



Pagsasagawa ng risk assessments at contingency planning



Pagbibigay ng impormasyon sa publiko tungkol sa mga hazards at disaster



Pagtiyak na angkop sa mga pangangailangan ng mga komunidad ang mga DRRM plans ng lungsod



Pagsasagawa ng mga pagsasanay para lalong mapabuti ang paghahanda at kakayahang tumugon kapag may disaster



Tinitiyak ang patuloy na kahandaang magsagawa ng search ang rescue, at magbigay ng mga serbisyong medikal

Paano maghahanda ang mga residente ng Quezon City para sa landslide?

BAGO ANG LANDSLIDE

- Iwasang magtayo ng gusali malapit sa mga matatarik na dalisdis at mga lagusan ng tubig.
- Obserbahan ang mga pattern ng storm-water drainage malapit sa iyong tahanan, at tandaan ang mga lugar kung saan naiipon ang tubig-ulan. Ito ang mga lugar na dapat iwasan kapag may bagyo o malakas na pag-ulan.
- Gumawa ng disaster at evacuation plan, at maghanda ng go bags.
- Tumukoy ng evacuation area.
- I-monitor ang balita o mga opisyal na social media pages para sa mga babala.
- Lumikas kung kayo ay nasa lugar kung saan maaring gumuho ang lupa.

KUNG MAY BAGYO O LINDOL:

- Manatiling alerto. Maaring mangyari ang landslide sa gabi, habang kayo ay natutulog.
- Makinig para sa anumang hindi pangkaraniwang mga tunog na maaaring magpahiwatig ng gumagalaw ang lupa. Mag-ingat sa mga umaagos o bumabagsak na putik na maaaring mauna sa mas malalaking pagguho ng lupa.
- Kung malapit sa sapa o iba pang lagusan ng tubig, maging alerto para sa anumang biglaang pagtaas o pagbaba ng daloy ng tubig, o sa pagbabago mula sa malinaw patungo sa maputik na tubig na maaaring magpahiwatig ng pagguho ng lupa.
- Obserbahan ang kalsada para sa gumuhong semento, putik, bumagsak na bato, at iba pang indikasyon ng posibleng pagguho ng lupa.

PAGKATAPOS NG LANDSLIDE

- Lumayo sa lugar ng pagguho. Maaaring may karagdagang mga landslide.
- Maging alerto para sa pagbaha, na maaring maganap pagkatapos ng landslide.
- Suriin kung may nasugatan o natabunan na mga tao malapit sa slide. Idirekta ang mga rescuer sa kanilang mga lokasyon.
- Tulungan ang mga kapitbahay na nangangailangan ng saklolo.
- Suriin ang iyong tahanan para sa pinsala.
- Patuloy na sundin ang inyong disaster plan.

*Halaw mula sa Landslide Preparedness Guide ng United States Geological Survey